

## Ukol sa Landing Refusal upang makaiwas sa paglawak ng COVID-19

Enero 13, 2021

### 1. Landing Refusal

Ukol sa COVID-19 na lumaganap sa buong mundo, ayon sa pag apruba ng Kabinete noong Enero 31, 2020 at ang pagpapahayag ng Headquarter ng Covid-19 Measures ukol sa mga banyagang nanatili sa mga bansa o rehiyong naging sakop ng landing refusal sa loob ng 14 araw bago mag aplay ng re-entry at para sa mga oras, isinaalang-alang ng Ministry of Justice na ang banyagang magiging sakop ng Artikulo 5, Talata (1), item (xiv) ng Immigration Control ( note 1) at Refugee Recognition Act (na masasabi ring “Immigration Control Act”) bukod sa **may espesyal na dahilan at hindi inaasahang mga pangyayari**, ang banyaga na ito ay magiging sakop ng landing refusal. Subalit, ang ilang bahagi ng mga banyagang naging sakop nito ay maaari ng bigyan ng permiso ng re-entry.

Ang Special permanent resident ay hindi sakop ng eksamen sa ilalim ng Artikulo 5, talata (1) ng Immigration Control Act kaya mabibigyan ng permiso na pumasok ng Japan ayon sa mga pamamaraan na nasa itaas.

### 2. Ukol sa Espesyal na dahilan at mga hindi inaasahang pangyayari

Bibigyan ng permiso sa paglapag ang alin man sa mga sumusunod na kaso (1) hanggang (4) sa pagkakaroon ng **espesyal na dahilan at hindi inaasahang pangyayari**. Bisitahin po ang homepage ng Ministry of Foreign Affairs para sa mga impormasyon ukol sa sertipiko ng eksamen sa oras ng paglabas pasok sa Japan ng mga banyaga. At bilang patakaran, kailangang kumuha ng sertipiko ng eksamen sa loob ng 72 oras bago ng Departure.

- (1) Banyaga na lumabas ng Japan na may re-entry permit (kabilang ang special re-entry permit; at iba pang katulad nito)
- (2) Banyaga na pumasok ng Japan sa unang pagkakataon kagaya ng mga sumusunod. (Note 2)
  - (a) May re-entry permit hanggang Agosto 31 ngunit ang pingmulang bansa ay naging sakop ng landing refusal at hindi makakabalik ng Japan sa dahilang napaso na ang hawak na re-entry permit.
  - (b) Kabiyak o anak ng Hapones o Permanent Resident.
  - (c) Kabiyak o anak ng Special Permanent Resident, ang pamilya ay naninirahan sa Japan at napawalay sa mga ito.
  - (d) May Status of Residence kaugnay ng 「Edukasyon」 o 「Relihiyon」 na dahilan sa kakulangan sa tauhan ay nahihirapang ipagpatuloy ang mga aktibidades.
  - (e) May Status of Residence kaugnay ng 「Medikal」 na makakatulong sa lalong pagpapaganda at pagpapalakas ng Sistemang medikal.
  - (f) Mga papasok ng Japan sa araw at pagkaraan ng Oktubre 1 na mapapatunayang may mapupuntahang kompanya o organisasyon na nagsasagawa ng pamamaraan ng pag iwas sa impeksyon maliban sa may Status of Residence na 「Diplomat」 o 「Opisyal」 . Para sa mga Kukuha ng short-term visa, kailangang dumaan muna sa screening. Alamin ang impormasyon na nasa homepage ng [Ministry of Foreign Affairs website](#). Subalit, bilang patakaran, ang mga nasa ibaba, kabilang ang mga babalik sa sariling bansa ay magiging sakop ng refusal of landing kung walang mahalagang dahilan.

○Pansamantalang sakop ng Refusal of Landing

- Nanatili sa Inglatera o sa Timog Aprika sa loob ng 14 araw bago mag aplay ng

paglapag sa Japan.

○ Sakop ng Refusal of Landing hanggang matapos ang State of Emergency.

• Nanatili sa mga bansa o preperektura na sakop ng refusal ng landing sa loob ng 14 araw (maliban sa Inglatera o Timog Aprika).

(3) 「Pamamaraan tugon sa Pandaigdig na paglalakbay」 Banyagang mag aaplay ng re-entry permit batay sa Note (3)

○ Refusal of Landing simula Enero 14, 2021 hanggang matapos ang State of Emergency :

• Banyaga na nanatili sa bansang Inglatera o Timog Aprika sa loob ng 14 araw bago sa aplikasyon ng paglapag.lumapag.

○ Refusal ng Landing simula Enero 2, 2021 hanggang matapos ang State of Emergency:

• Banyaga na nanatili sa mga bansa o rehiyon na sakop ng Refusal ng Landing ( hindi kabilang ang Inglatera o Timog Aprika) sa loob ng 14 araw bago sa aplikasyon ng paglapag.

Bilang karagdagan, maging ang banyaga na maglalakbay mula sa mga lugar na hindi sakop ng Refusal of Landing na nakakuha ng visa, ang visa ay hindi na magagamit pagkaraan ng Enero 21, 2021.

(4) Bukod sa nasa itaas (1) hanggang (3), ang banyaga na masasabing may espesyal na dahilan at hindi inaasahang pangyayari na maaaring bigyan ng konsidersyong pangtao.

(Note 1) Immigration Control and Refugee Recognition Act (Piniga)

(Landing Refusal)

Article 5 (1) Banyagang sakop ng sumusunod na item ay hindi binigyan ng permiso sa paglapag sa Japan:

Paragraphs (i) hanggang (xiii) (Tinanggal)

(xiv) Lumagpas sa listahan ng mga tao sa item (i) hanggang (xiii), indibidwal na masasabi ng Minister of Justice na maaaring maging hadlang o pinsala sa interes at kaligtasan ng mamamayan ng Japan.

(2) Tinanggal

(Note Kinakailangang kumuha ng Certificate of Eligibility sa pang rehiyong imigrasyon, upang makapasok ng Japan, at mag aplay ng visa sa Diplomatic Office ng kinaroroonang bansa.

(Note 3) Ang Pamamaraan para sa Unti-unting pagbubukas ng mga paliparan para sa paglalakbay at pagdating mula sa ibang bansa ay ipapatupad bilang pag e ensayo na kung saan bibigyan ng permiso ang mga taong kinakailangang pumasok at lumabas ng Japan dahil mga layuning pang komersyal ayon sa karagdagang pamamaraan ng pag iwas at pagkontrol sa paglawak ng impeksyon katulad ng pagpapasa ng Sertipiko ng COVID-19 Test bago ang departure o pag install ng appli ng contact checking (I click [Ministry of Foreign Affairs website](#) para sa impormasyon).

Atin pong tandaan na ang visa mula sa Malaysia at Myanmar, para sa mga sumusunod na status tulad ng: [guro], kaugnay ng [sining], [relihiyon], [taga ulat], [batas • accountancy], [medikal], [pagsisiyasat], [edukasyon], [performer], [engineer], [pang kulturang aktibidades], [banyagang estudyante], [trainee], [family visa], [designated activities (maliban sa magsisimula ng negosyo)] ay hindi sakop ng mekanismong ito.

Kontak: Adjudication Division, Immigration Department, Immigration Services Agency

Tel: (Operator) 03-3580-4111 (Ext. No. 4446 • 4447)